



Autoridad sa Pabagay ng Lalawigan ng San Diego Pagpupulong ng Lupong Tagapayo ng Residente (Resident Advisory Board)

Huwebes, Pebrero 11, 2021, alas 10:00 – 11:30 ng umaga

Mga Lupon ng Microsoft

AHENDA NG PAGPUPULONG

Mga Dadalo:

Autoridad sa Pabahay (Housing Authority): (8) N. Martinez, J. Mendez, R. Ramirez, J. Villareal, A. Buensuceso, A. McCall, M. Mercier, N. Alcantara

Lupong Tagapayo ng Residente (Resident Advisory Board): C. Wollas, D. Simpson, A. Acosta, S. Rodriguez, R. Jacobs, M. McKell, A. Reyes, C. Castillo

Mga Bisita: Dalawampu't apat na mga miyembro ng publiko, kabilang ang mga residente ng Awtoridad sa Pabahay at mga kalahok na kinilala kung hindi sa pangalan nila sa pagpupulong o sa numero ng telepono

Ang pagpupulong ay pormal na tinawag sa pag-uumpisa sa 10:23 ng umaga ni Tagapangulong Carol Wollas na nagkumpirma na may korum. Lahat ng miyembro ay dumalo.

AHENDA

- I. **Presentasyon: Taunang Pagbibigay-ulat ng Ahensiya sa Plano at Paghingi ng Komento**
 - i. **Pangkalahatang-ideya ng Plano ng Ahensya at Importanteng Mga Pagbababago (Monique Mercier, Robin Ramirez, Anthony McCall)**
 1. Pagbibigay-ulat sa Progreso ng Limang taong Plano ng Mga Layunin kasama ang mga bagong pondo/mga kupon para sa mga sambahayang nangangailangan, mga mapagkukunan ng impormasyon at tulong, at mga aktibidad para sa mga kalahok, at pakikipag-ugnayan sa kasero.
 2. Importanteng Mga Pagbabago para sa mungkahing Administratibong Plano para sa Piskal na Taong 2021-22
 - **Mga Serbisyo sa Pagsasaling-wika para sa mga sambahayang limitado sa wikang Ingles (Limited-English Proficient o "LEP")** ay isasama ang mga iba't-ibang lengwaheng grupo ng wikang Arabe at Kastila para sa mga pangunahing legal na dokumento.
 - **Ang Panahon ng Kriminal na Prohibisyon** ay binago mula 5 taon sa 3 taon para sa mga pagtanggì ng paghuhusga

(“discretionary denials”) para sa ilang mga pagkakasala

- **Polisiya sa Eksepsiyon sa Mga Pamantayan sa Subsidiya ng Pamahalaan (“Subsidy Standards Exception”)** – dinagdagan ang mga patakaran sa pagsusuri sa mga sambahayan na humihiling ng eksepsiyon sa mga pamantayan ng subsidiya at pagtugon sa mga dahilang nauukol sa kalusugan at kaligtasan
- **Komunikasyon sa Mga May-ari o Kasero** – Dapat tiyakin na ang pakikipag-ugnay ay dapat na may patas na pag-akses sa mga kasero na may limitasyon sa Ingles o kaya ay may kapansanan na may kinalaman sa komunikasyon.
- **Mga Espesyal na Programa – Katamtamang Rehabilitasyon sa mga Espesyal na Programa** – Dinagdagan ng mapaglarawang wika para sa nakaplanong mga aktibidad ng conbersyon sa ilalim ng proyekto ng Pagpapakita ng Tulong sa Pag-upa (Rental Assistance Demonstration).
- **Mga Impormal na Pagsusuri at Pagdinig – Malayuang Komunikasyon** – Dinagdagan ang mga pagpipilian na pamamaraan ng malayuang komunikasyon upang payagan ang malayuang mga panayam at pagsusumite ng mga dokumento sa elektronikong pamamaraan.
- **Mga Lokal na Limitasyong Espesyal** – Tinaas ang limitasyon para sa mga rekomendasyon para sa mga walang tirahan mula 750 hanggang 1000

3. Mga Pagpasok at Patuloy na Patakaran sa Pagsakop (Admissions and Continued Occupancy Policy o ACOP) at mga Ulat sa mga Mahahalagang Pagbabago at Pondo ng Kapital

- **Patag at Pinakamataas na mga Renta** – Binago ang mga renta para sa iba’t-ibang laki ng mga silid-tulugan
- **Makatuwiran na Patakaran sa Tirahan** – Nagdagdag ng polisiya na tinutukoy ang pamantayan para sa pagtatalaga ng serbisyo at / o mga suportang hayop
- **Mga Pagtatapos sa Lampas-Kita (Over-Income)** – Binago ang tsart at nagdagdag ng isang kapatawaran sa obligasyon ng mga tinanggal na mga residente na may kita na higit sa 120% (“Area Median Income” o AMI)
 - Dahil sa sitwasyon ng Covid-19, ang patakaran ay pinatawad, sa pansamantala
- **Mga Apela** – Nagdagdag na mga pagpipiliang pamamaraan para sa malayuang mga pagdinig
- **Mga Panahon ng Kriminal na Prohibisyon** – Nagdagdag ng tatlong taong prohibisyon para sa mga akto ng pagsusuhol; Binago ang panahon ng prohibisyon para sa mga kriminal na aktibidad na may kinalaman sa droga at karahasan mula limang taon sa tatlong taon

4. Ulat-pagbabago sa Pondo ng Kapital

- \$253,000
 - Palitan ang serbisyong elektrikal at mga serbisyo sa pagdidistribusyon sa Chula Vista Town Center
- \$2.9 Milyon na inilaan ng Lalawigan para sa pagpapabuti ng mga gusali sa mga lugar ng Pamublikong Pabahay

Mga Komenta sa Plano ng Ahensya:

(Binuksan ang pulong sa mga pangkalahatang komento ng mga dumalo. Nagbigay ang publiko ng mga puna bilang suporta sa pag-sulong na isinagawa tungo sa Limang Taong Layuning Plano ng Ahensya, particular ang programa ng FSS, pagsubok sa Patas na Pabahay, mga pagbabago sa haba ng Prohibisyon at mga insentibo sa pag-renta

Opisyal na Komento ng Lupon ng Tagapayo sa Mungkahing Taunang Plano ng Ahensya para sa Taong 2021-22

Ang Tagapangulong Carol Wollas ay nagsagawa ng pagtawag sa pagboto ng mga miyembro. Sa ngalan ng Lupon ng Tagapayo sa Residente ng 2021, isang komento na sumusuporta sa plano na prinisenta ay isinumite sa pamamagitan ng lubos na boto ng lahat. Walang naisumite na mga komento para sa mga pagbabago sa ipinanukalang mungkahi.

II. Mga Impormasyonal na Bagay

- **Presentasyon: Pagpapatawad ng HUD dala ng Covid-19** (Mercier)**
- **Presentasyon: Pangkalahatang Ideya ng Pederal na Badyet (Martinez, Representanteng Direktor)**

III. **Mga Tanong ng Publiko/Komento/Mga Mapagkukunan ng Impormasyon at Tulong**

- HACSD website: www.sdhcd.org
 - i. Mga Balita, Plano, Patakaran at Ulat
 - ii. Mga Anunsiyo
 - iii. Tulong sa Pagrenta
- HACSD Board email box:
 - i. HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV
Para sa mga komento sa plano at opisyal na mga bagay para sa talakayan ng lupon

IV. **Pagtatapos ng Pagpupulong**

Ang Tagapangulong Wollas ay pormal na tinapos ang pagpupulong sa 11:23 ng umaga.

Ang susunod na petsa ng pagpupulong ay pagpapasyahan at ipamamahagi sa itinalagang website ng HCDS para sa Lupon Tagapayo ng Residente.